



ARTICLE

Hay! Apu' Kung Kayêk: Pagbabakas, Pagpopook, at Pagbubuo sa Dororo Bilang Tagpuan ng Danas, Pangarap, at Pananampalataya ng Katutubong Ayta Ambala

Aeron James R. De Leon

Received: 01/15/2023; **Accepted:** 04/14/2024; **Published:** 05/31/2024

Abstrak: Sa mga panalangin nagkukubli ang danas, pangarap at pagkatao ng indibidwal. Pinagtibay nito ang pananampalataya habang pinapatatag ang pagkatao. Ang pananaliksik na ito ay nagsusuri sa Dororo ng Ayta Ambala, isang katutubong panalangin na itinuturing na tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng komunidad. Batay sa Maka-Pilipinong Pananaliksik, nakalap ang siyam na Dororo mula sa Sitio Mampuweng, lungsod ng Olongapo sa Zambales at natukoy ang tatlong uri: Dororong Ritwal, isang kolektibong panalangin para sa komunidad; Dororong Panganganito, isang ritwal sa pagpapagaling; at Pansariling Dororo, na personal na dalangin para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Natukoy ang apat na temang nakapaloob sa mga panalangin: pasasalamat, proteksyon, masaganang ani, at pag-alala sa yumao. Ipinapakita ng mga Dororo ang kaugnayan ng mga Ayta Ambala sa kanilang kalikasan, pamayanan, at espiritualidad. Ang pananaliksik ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng dokumentasyon at pagpapasa ng kaalaman upang mapanatili ang isang kultural na pamana. Nagpapakita ang Dororo ng katatagan ng Ayta Ambala sa harap ng modernisasyon at impluwensiya ng ibang relihiyon habang pinangangalagaan ang kanilang tradisyonal na pagkakakilanlan.

Mga Susing Salita: *Dororo, Ayta Ambala, Katutubo, Panalangin, Ritwal*

Abstract: *In prayers lie the experiences, dreams, and identity of the individual. These strengthen faith while fortifying one's character. This research examines the Dororo of the Ayta Ambala, a native prayer considered a convergence of the community's experiences, aspirations, and faith. Using a Filipino-centric research approach (Maka-Pilipinong Pananaliksik), nine Dororo were gathered from Sitio Mampuweng, Olongapo City, Zambales, and classified into three types: Dororong Ritwal, a collective prayer for the community; Dororong Panganganito, a healing ritual; and Pansariling Dororo, personal prayers for daily needs. Four themes emerged within the prayers: gratitude, protection, abundant harvest, and remembrance of the deceased. The Dororo reflects Ayta Ambala's connection to nature, community, and spirituality. This research emphasizes the importance of documentation and knowledge transmission to preserve cultural heritage. The Dororo demonstrates the resilience of the Ayta Ambala amidst modernization and external religious influences while safeguarding their traditional identity.*

Keywords: *Dororo, Aeta Ambala, Indigenous, Prayer, Ritual*

Panimula

Sa pananaw ng mga Kastila, ang relihiyong Pilipino ay hindi lehitimong relihiyon dahil ito ay walang mga pormal na istruktura tulad ng mga templo, banal na kasulatan, o organisadong pari. Sa halip, ito ay itinuring na isang labirinto ng mga paganong paniniwala na kailangang palitan ng Kristiyanismo. Gayumpaman, ang relihiyon ng mga sinaunang Pilipino ay higit pa sa simpleng animismo—ito ay mas malalim na sistema ng espiritwalidad na sumasalamin sa kanilang pagkakaugnay sa kalikasan, komunidad, at espirituwal na mundo (Hislop, 1971). Nakaangkla ito sa malapit na relasyon sa kalikasan, mga ninuno, at iba't ibang diyos at espiritu. Ang tatlong pangunahing konsepto—Diyos, kaluluwa, at kamatayan—ay nagsisilbing pundasyon ng katutubong pananaw sa espirituwal na mundo (Santos, 2008). Ayon kina Loarca, Morga, at Chirino, naniniwala ang mga sinaunang Pilipino sa iisang pangunahing Diyos. Ang tawag sa Diyos na ito ay nag-iiba depende sa rehiyon at wika: Bathala (Tagalog), Laon o Malaon (Bisaya), Kabunian (Ilokano), Gugurang (Bicolano), at iba pa. Si Bathala, ang pangunahing Diyos ng Tagalog, ay itinuturing na lumikha ng lahat ngunit hindi direktang sinasamba dahil naniniwala ang mga tao na hindi sila karapat-dapat na magbigay-papuri o makihalubilo nang tuwiran sa Diyos (Alipio 1998; Demetrio, 1978; Mercado, 1991).

Bukod sa Bathala, may mga pangalawang diyos na tinatawag na anito at diwata. Ang mga espiritong ito ay nagtataglay ng mas personal na papel sa pang-araw-araw na buhay ng tao, gaya ng pagbibigay ng proteksyon at paggabay. Ayon kay Isabelo de los Reyes (1909), ang paniniwala sa anito ay tinawag na *anitismo* o Bathalismo na nakaugat sa tradisyonal na sistema ng espiritwalidad na malalim na nakaugat sa lokal na kamalayan at malayong naiiba sa *animismo* (Paterno, 1915). Ang mga espiritong ito ay pinaniniwalaang nananahan sa mga bundok, ilog, kagubatan, at iba pang bahagi ng kalikasan. Bagaman ang pagsamba sa mga espiritu ng ninuno ay maaaring magbigay ng impresyon ng impluwensiyang Tsina, lalo na noong 1375 dahil sa pagbibigay ng impluwensiya ng isang emperador ng Tsina sa pagsamba ng mga taga-Sulu sa ilog, bundok at kagubatan, nanindigan si Blumentritt na ang *anitismong* Malay na nalalapit sa pinagmulan ng pananampalataya ng mga katutubo ay nagkakaiba sa relihiyong Tsina at may sariling pinagmulan (Hislop, 1971).

Bagaman walang mga permanenteng templo, ang sambayanan ang nagsisilbing sentro ng relihiyosong aktibidad. Ang bawat tahanan ay may altar na ginagamit para sa mga ritwal at pag-aalay. Para sa mas malalaking pagtitipon, ang mga kweba o di-permanenteng istruktura ay ginagamit bilang lugar ng pagsamba. Nagpapakita man ito ng kakulangan ng organisadong relihiyon, nagbigay-daan ito sa personal na ugnayan ng tao sa kanilang mga diyos at espiritu. Taliwas sa paniniwala ng mga Kastila sa kawalan ng tumatayong pari sa sinaunang relihiyon ng mga katutubo, ang mga *katalonan*, *babaylan*, *shaman* o lokal na pari ay nagsilbing tagapamagitan sa tao at espiritu. Bukod sa ritwal, sila rin ay gumaganap bilang manggagamot at tagapayo. Sa mga tribo tulad ng Kalinga, ang mga ito ay tumutulong sa pagbalik ng kaluluwa ng maysakit, samantalang sa Ifugao, nakatuon sila sa pag-aalay ng ritwal para sa pagpapasaya sa kanilang mga diyos (Santos, 2008; Hislop, 1971). Sa paglaganap ng Katolisismo sa bansa, inilarawan ang mga katutubong manggagamot bilang mga pagano na naghahasik ng kasamaan. Sa kabila nito, nanatili itong laganap sa mga liblib na lugar (Saydoven, 2009). Maraming pag-aaral ang nagtatanghal sa kanilang mga kasanayan katulad ng mga albularyo, manghihilot, *magluluop*, magtatawas, *Sorhana/o* at marami pang katutubong katawagan (Labastida, 2016 ; Rosales & Gepty, 2022).

Sa harap ng modernisasyon, umiiral pa rin ang *anitismo* sa iba't ibang katutubong komunidad kabilang ang mga Ayta na pinaniniwalaang unang katutubong pangkat na dumating sa bansa 20,000-30,000 taon na ang nakalilipas. Tinatawag din silang *Aeta*, *Agta*, *Alta*, *Atta*, *Ati*, at iba pang pangalan batay sa lokasyon at kasaysayan ng kanilang ugnayan sa ibang pangkat. Pinaniniwalaang naglakbay sila mula Borneo patungong Palawan at Luzon gamit ang mga tulay-lupang ngayon ay nakalubog na (The People of the World Foundation, 2020). Sa Luzon, matatagpuan sila sa kabundukan ng Zambales at Sierra Madre. Ang Zambales, na nasa kanlurang bahagi ng hilagang gitnang Luzon, ay kinabibilangan ng aktibong Bulkang Pinatubo. Sa hilaga nito, sa paligid ng Golpo ng Lingayen, naroon ang mga Abenlen Ayta; habang sa timog, sa

Tangway ng Bataan, matatagpuan ang natitirang pangkat ng Magbaken Ayta (Brosius 1990; Shimizu, 1989, 2001). Ayon sa *census* noong 2015, tinatayang mahigit 57,000 ang populasyon ng mga Ayta na ang pinakamalaking bilang ay matatagpuan sa Zambales (PSA, 2015). Kasama rito ang mga Ayta Ambala sa Barangay Bayanbayanan, Tubo-tubo, at Payangan sa Dinalupihan; sa Barangay Tipo, Mabiga, at Bamban sa Hermosa, Bataan; sa Lungsod ng Olongapo, mga bayan ng Castillejos at San Marcelino (KWF, 2018; Vermoortel, 2021). Noong dekada 90, naitala ni Headland (2003) ang 1,654 populasyon ng Ayta Ambala, habang noong 2010 ay nakapagtala ng higit 800 sa Gitnang Luzon (NSO, 2010 R-III). Ang Sitio Mampuweng sa lungsod ng Olongapo kung saan naninirahan ang mga Ayta Ambala ay binubuo naman ng 150-180 pamilya (Asistio et al., 2019).

Ang pananampalataya ng mga Ayta ay sentro ng kanilang kultura at pang-araw-araw na buhay. Sa kabila ng pagbabago dulot ng panlabas na impluwensiya, nananatili ang kanilang tradisyon sa espirituwal na aspekto ng kanilang pamayanan, na nagbibigay halaga sa kalikasan, koneksyon sa kanilang mga ninuno, at pagkakaisa ng komunidad. Sa pag-aaral ni Stephen Hislop (1971) muli nitong ipinakita sa papel ang padron ng pagsamba ng mga sinaunang katutubong Pilipino na iginuhit ng misyonerong si John A. Rich. Mula rito, tinangka ng mananaliksik na ilapat sa padron ang pagsamba ng mga Ayta partikular ng mga Ayta Ambala ng Sitio Mampuweng.




Fig. 1 Padron ng Pagsamba ng mga Katutubong Ayta Ambala ng Sitio Mampuweng

Ang mga Ayta ay naniniwala kay Apo Namalyari, ang pinakamataas na diyos na kumokontrol sa lahat ng aspekto ng kalikasan na sa kasalukuyan ay kinikilala na rin ng mga Ayta Ambala bilang si Hesus o Apong Hesus, subalit ang anito, na bahagi ng mas mababang antas ng mga espirituwal na nilalang, ang higit na may direktang impluwensiya sa kanilang pang-araw-araw na buhay (Dizon, 2015). Ang anito ay maaaring espiritu ng kalikasan o espiritu ng mga ninuno (Griffin & Estioko-Griffin, 1985; Shimizu, 1989). Ang espiritu ng kalikasan ay naninirahan sa mga kagubatan, ilog, at bundok, samantalang ang espiritu ng mga ninuno ay may kaugnayan sa yumaong mga mahal sa buhay na nananatili upang gabayan o parusahan ang kanilang mga *inapo* (Henry, 1986). Kinikilala ang mabubuting *anito* bilang tagapagkaloob ng biyaya at mga *anunsyo* o babala na nagpoprotekta sa mga Ayta habang ang *masamang anito* ay nagpaparusa sa kanila sa pamamagitan ng *gunaw*.

Ang *kagun* ang nagsisilbing tagapamagitan ng mga Ayta sa mundo ng espiritu subalit sa paghahanap ng mga pag-aaral tungkol sa kanila, mababakas ang kawalan ng tala o pag-aaral sa mga ito. Maiuugnay sila sa *babaylan* o *catalonan* (Demetrio, 1978). Ang *kagun* ay maaaring isang lalake o babae na pinili ng mga espiritu upang mangasiwa sa mga ritwal at pagpapagaling. Ang tungkulin ng *kagun* ay hindi lamang espiritwal; ito rin ay naglalaman ng moral at pangkalusugang aspekto, na siyang nagpapakita ng kanilang awtoridad sa pamayanan.

ANG RITWAL NG PANALANGIN NG MGA KATUTUBONG KOMUNIDAD

Ang mga *kagun* katulad ng mga katutubong Ayta ay nakikipag-ugnayan sa mga anito sa pamamagitan ng mga ritwal at panalangin na tinatawag na Dororo na maaaring nagkakaiba-iba ng anyo at paraan ng pagsasagawa. Bagaman, nag-iiba ang katawagan dito, mapapansin sa mga pag-aaral ang paggamit ng mga katutubong pangkat sa panalangin bilang behikulong nagdadala sa kanila patungo sa mundo ng mga anito. Batay sa iba't ibang pag-aaral, ang mga ritwal na ito ay may natatanging layunin at pagsasakatuparan, na naiimpluwensyahan ng lokal na kasaysayan, pananampalataya, at interaksyon ng mga katutubong paniniwala at dayuhang relihiyon.

Sa Isla ng Cagraray, ang mga *parasantigwar* ay gumagamit ng ritwal at panalangin bilang bahagi ng tradisyunal na panggagamot. Bukod sa mga halamang gamot, ang panalangin ay isang mahalagang bahagi ng proseso upang humingi ng tawad at gabay mula sa mga sobrenatural na nilalang na itinuturing na sanhi ng sakit (Bibon, 2021). Isa pang halimbawa ng ritwal na nakaangkla sa relihiyon at tradisyunal na paniniwala ay ang *kuraldal* sa Sasmuan, Pampanga. Inilalarawan ito bilang isang masiglang ritwal ng pagsayaw na may layuning magpagaling at magdala ng biyaya, partikular sa mga mag-asawang naghahangad ng anak. Ang ritwal ay nagpapakita ng pagsasanib ng Katolisismo at katutubong paniniwala, na inilalarawan bilang parehong *indigenized* at *Catholicized* na tradisyon (Tiatco, 2012). Gayundin, ang *panubad-tubad* ng mga Talaingod Manobo ay nagpapakita ng kanilang pananaw, kung saan ang mga ritwal ay isinasagawa upang magtaboy ng karamdaman, magbigay-pasalamat, o kahandaan sa paglalakbay (Malaya et al., 2014).

Sa mga T'boli, ang paghabi ng *t'nalak* ay hindi lamang isang gawaing pang-ekonomiya kundi isang banal na ritwal. Ang proseso ng pag-aani ng abaka ay sinasamahan ng panalangin kay Fu Dalu, ang espiritu ng puno ng abaka, upang magbigay-pugay at humingi ng pahintulot (Clariza, 2019). Ang mga panalangin ng Ibanag ay itinuturing naman na yaman ng kanilang kultura. Bukod sa pagiging ekspresyon ng kanilang pananampalataya, isinasalamin ng mga ito ang kanilang pananaw sa buhay, kamatayan, at relasyong panlipunan. Subalit, may panganib na mawala ang mga panalanging ito dahil sa kakulangan ng mekanismo para sa kanilang pagpasa sa mga susunod na henerasyon (Freyzer & Arao, 2022).

Ang mga Ati ng Panay, ayon kina Manzano (2021), Valdeavilla (2018), at Grey (2015), ay nagtataglay ng mga ritwal na pinamumunuan ng mga *Sorhana* o tradisyunal na manggagamot. Ang mga ritwal na ito ay naglalayong makipag-ugnayan sa mga hindi nakikitang elemento na sinasabing nananahan at nakikisalamuha sa mga tao (Bacabac, 2013; Cruz-Lucero et al., 2018). Isinasagawa nila ang *tuob* (*fumigation*), kung saan nililinis ang paligid mula sa masasamang espiritu (National Commission for Culture and Arts, 2022). Ang *boiling ritual* naman ay ginagawa upang patahimikin ang mga espiritu na pinaniniwalaang nagdadala ng sakit (Alleydog, 2022; Javier, 2018). Ang *Mangmang* ay isang panawagan sa *anito* upang humingi ng paggaling para sa maysakit (Philippine Alternative Medicine, 2017). Samantala, ang *pabulag sa palag* ay isang ritwal na naglalayong tuluyang palayain ang kaluluwa ng yumaong miyembro ng pamilya mula sa pagiging konektado sa mga buhay (Cruz-Lucero et al., 2018). Ang mga ritwal na ito ay nagpapakita ng malalim na koneksyon ng Ati sa espiritwal na mundo at ang kanilang paniniwala na ang balanse sa pagitan ng tao at espiritu ay mahalaga para sa kalusugan at kaayusan ng pamayanan.

Ipinakita sa mga pag-aaral na ito ang malayang pag-iral ng mga nabanggit na ritwal at panalangin sa kabila ng paglaganap ng relihiyong Kristiyanismo sa bansa. Sa pag-aaral nina Amtalao at Demeterio (2019), ipinapakita na ang pag-aangkla ng Kristiyanismo sa *Bogwa* ay hindi naging balakid upang tuluyang talikuran ng mga Ifugao ang kanilang tradisyon at paniniwala. Sa halip, naghahalinhinan ang mga paniniwala sa *Bogwa* at Kristiyanismo, na lumilikha ng isang natatanging pagkakaisa sa pagitan ng modernong pananampalataya at sinaunang kaugalian. Kaugnay nito, sa kaso naman ng mga katutubong Ayta Ambala, ipinakita sa pag-aaral nina Kriztine R. Viray at Joseph Reylan Viray (2024) na karamihan sa mga Ambala ay yumakap na sa Kristiyanismo bilang isa sa kanilang mga relihiyon. Gayumpaman, nananatili pa rin sa maraming Ayta Ambala ang kanilang tradisyunal na paniniwala sa relihiyon kasabay ng

kanilang pananampalatayang Kristiyano. Sa madaling salita, nagawa nilang umangkop sa Kristiyanismo habang pinangangalagaan ang ilan sa kanilang katutubong paniniwala, tulad ng pagbibigay-galang sa mga espiritu ng ninuno. Hindi man magtagumpay ang Kristiyanismo sa pagpapahina ng mga tradisyong ito, pinangangambahan naman sa isang ulat ng United Nations (2019) na nasa panganib ng pagkalipol ang kultura ng mga katutubo dahil sa mabilis na pagusbong ng teknolohiya at industriyalisasyon. Makikita ang kaso nito sa pag-aaral ni Manzano (2021), kung saan sinabi nito na ang Ati ng Numancia, Aklan, ay mabilis na nawawalan ng kanilang mga kultural at lingguwistikong katutubong tradisyon kumpara sa mga komunidad na nasa mga hindi urbanisadong lugar. Dagdag pa rito, ang kakulangan ng mga pag-aaral tungkol sa ritwal, paniniwala, at kasanayan sa panggagamot ng mga katutubong pangkat, partikular na ng Ati, ay isa sa mga salik na nag-aambag sa pagkawala ng kanilang kultura. Dagdag pa rito, ang mga pag-aaral tungkol sa mga katutubong panalangin ay madalas na naididikit lamang bilang tradisyunal na gawain sa panggagamot na kailangan ng pagbabaklas upang mabakas ang mas malalim nitong nilalaman. Ang pananampalataya at pagkatao ay magkaugnay. Pinapatatag ng pananampalataya ang pagkatao sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos habang ang matibay na pagkatao ay nagpapalakas sa kakanyahan ng taong sumampalataya. Dahil sa mga ito nag-iibayo ang paniniwala ng taong harapin ang mga pagsubok sa buhay. Mas lalo pang nagagamit ng tao ang kapangyarihan ng pananampalataya sa pagtatag ng pagkatao nito (Scott, 2010). Kung gayon sa mga panalanging ito maaaring hayagan o nagkukubli ang pagkatao ng nananalangin. Nakapaloob dito ang kaniyang paniniwala, pakikipagsapalaran, damdamin, at pangarap.

Sa ganitong konteksto, layunin ng pag-aaral na makalikom ng mga karagdagang impormasyon na tumatalakay sa malalim na pagsipat sa katutubong kaalaman at kultura sa mga panalangin o Dororo ng mga katutubong Ayta Ambala. Sinasagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na tanong: (1) Ano-ano ang mga uri ng Dororong lumalaganap sa Sitio Mampuweng at paano ito nagkakaiba-iba?; (2) Batay sa mga nilalaman ng Dororo ng mga Ayta Ambala na maingat na isinalin mula katutubong wika tungo sa wikang Filipino, ano-ano ang mga temang lumulutang dito?; (3) Paano maituturing ang Dororo bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng katutubong Ayta Ambala

Ginamit ang Modelo nina Santiago at Enriquez (1976) na Maka-Pilipinong Pananaliksik upang maisagawa ang katutubong pananaliksik. Saklaw sa disenyong ito ang tatlong katutubong metodo sa Sikolohiyang Pilipino na pagtatanung-tanong, pakikipagkuwentuhan, at ginabayang talakayan. Nasa *purposive sampling* ang paraan sa pagpili ng impormante sapagkat isinaalang-alang ang mga sumusunod: (a.) ang mga impormante ay dapat na naninirahan sa Sitio Mampuweng, lungsod ng Olongapo; (b.) sila ay dapat na purong Aytang Ambala; (c.) sila ay nakapagsasalita ng wikang Ayta Ambala; at (b.) may kahandaan sa paglalaan ng oras para sa panayam. Sa pagtukoy sa mga impormante ay isinaalang-alang ang pagbibigay ng abiso, paghingi ng pahintulot bago ang panayam at ang anonimidad ng mga impormante. Nilikom ang mga *Dororo* sa pamamagitan ng pagrerekord nito, ang iba naman na may kakayahan sa pagsulat ay piniling isulat ito, samantala ang mga walang kakayahan ay idinidikta na lamang ng impormante sa mananaliksik at sa kasamang guro na kabilang sa pangkat ng mga Ayta Ambala. Nakalikom ng siyam na *Dororo* ang mananaliksik na siyang isinalin sa Filipino at tematikong sinuri at ginawan ng masusing interpretasyon upang masipat ang mahahalagang paksang nakapaloob at ang kultural na aspekto nito. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang magamit na lunsaran sa pagkatuto at maging isang paraan upang lalo pang mapaunlad at mapreserba ang wika at panitikan sa tulong ng mga tala at naratibo na magsisilbing karagdagang kagamitan na magtatampok ng yaman at pagkakakilanlan ng mga Aytang Ambala sa nabanggit na komunidad.

PAGBABAKAS, PAGPOPOOK, AT PAGBUBUO SA DORORO

Mababakas ang *Dororo* hindi lamang sa mga di-pangkaraniwang pagdiriwang sa Sitio kundi maging sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga miyembro ng katutubong komunidad. Mula rito, naganap ang pagpopook sa pamamagitan ng pagsasatitik ng mga *Dororo* at pagsasalina

nito mula sa katutubong wikang Ayta Ambala patungo sa Filipino. Sa mas akmang paggamit ng mga termino, maaaring gamitin ang salitang Cebuano para sa *salin* ng Tagalog na *hubad*, na nangangahulugang lutasin ang isang palaisipan, unawain ang isang misteryo, alisin ang pagkakabuhol, o hubaran. Ayon kay Mojares (2017), ang layunin ng pagsasalin ay hindi lamang upang ipaliwanag ang di-pamilyar at mahiwaga kundi upang mapalutang ang lantad na misteryo na dapat nananatili, sapagkat ito ang tunay na halaga ng sining ng pagsasalin. Mula rito, mabubuo ang Dororo. Nahahati sa tatlong uri ang mga pasalitang *Dororo* ng mga katutubong *Ayta Ambala* sa Sitio Mampuweng, ito ay ang mga sumusunod: (1) *Dororong Ritwal*; (2) *Dororong Panganganito*; at ang (3) *Pansariling Dororo*.

Dororong Ritwal

Ang *Dororong Ritwal* ay isang uri ng mahabang panalangin na itinatanghal ng isang Ayta Ambala sa harapan ng lahat ng miyembro ng pangkat. Siya ang nagsisilbing pinunong tagapanalangin ng buong komunidad na magsisilbing boses ng lahat. Tumatagal ng isang oras ang pagtatanghal ng panalangin ito na binibigkas nang may kasamang alingawngaw o ang pabigla-biglang bulalas at pagsigaw sa ilang bahagi ng dasal habang sinasaliwan din ang mga piling bahagi ng tinatawag na indayog o tonong Ayta Ambala. Sa panimulang bahagi ng dasal ay nakagagawa ng tono ang pinuno na indikasyon ng pagtawag nito sa lahat ng *anito* sa kapaligiran tulad ng kabundukan, kagubatan, batisan at iba pang bahagi ng kalikasan. Ito man ay isang kumplikadong bahagi sapagkat may paniniwalang ang pagkakamali sa pagbigkas ng mga tonong ito ay maaaring makatawag ng masasamang elemento o lamanlupa.

Ang mga nakatatandang Ayta Ambala kasama ng mga pinuno ng tribo ang siyang namimili ng karapat-dapat na magtanghal ng *Dororong Ritwal*. Mabigat ang responsibilidad ng punong tagapanalangin sapagkat hindi basta-basta naipapasa ang uri ng *Dororong* ito. Dalawang taon ang iginugugol sa paglilipat ng tradisyong ito na nililimitahan lamang sa pagpili ng isa hanggang tatlong purong Ayta Ambala na sasanayin sa pagtatanghal ng ganitong panalangin. Walang iisang anyo o hindi direktang ipinapasa ang panalangin ito sapagkat sa bawat pagpili ng pinunong tagapanalangin ng *Dororong Ritwal* bumubuo ang mga kinatawan ng tribo ng bagong *Dororo* na siyang sinasaulo ng pinunong tagapanalangin at itatanghal hanggang sa dumating ang kanyang katandaan at hindi na makayanan pang *magdororo*. Bago pa man ang pagdating ng mga Amerikano sa lungsod ay isinasagawa na ang ganitong panalangin. Ang mga sinaunang nakatatandang Ayta Ambala ng Sitio ay nagtitipon sa iisang lugar, tahimik na nakayuko habang pinapakinggan ang panalangin ng pinuno at iniwasang tumawa sa tuwing biglaang sumisigaw ang nananalangin. Ang pagngiti, pagbungisngis o pagtawa habang nangyayari ang *Dororong Ritwal* ay isang indikasyon ng kawalan ng paggalang at pinaniniwalaan ng grupo na may kaparusahan na maaring humantong sa matinding pagkakasakit o pagmumulta ng karampatang halaga. Ito rin ang dahilan kung kaya't madalas na itinatago ang mga bata sa tuwing isasagawa ang *Dororong Ritwal*.

Sa paglipas ng panahon at pagpasok ng mga Ayta Sambal at mga tagapatag na tinatawag ding unat, tanging sa mga espesyal na pagdiriwang na lamang naririnig ang ganitong uri ng *Dororo*. Madalas itong hinihiling na maitanghal sa tuwing kapistahan ng lungsod, pagdiriwang ng buwan ng katutubo, programa sa paaralan at mga pambihirang okasyon sa Sitio. Sa kasalukuyan, pinaaalalahanan muna ng mga katutubo ang mga makakasaksing hindi miyembro ng tribo na igalang ang tradisyong ito sa pamamagitan ng paghinto sa ginagawa, pagyuko at hindi pagtawa habang isinasagawa ang *Dororo*. Walang naisusulat na *Dororong Ritwal* sapagkat kalakip nito ang panganib sa kalusugan ng magtatangkang magbasa o magtanghal sa maling paraan, oras at lugar.

Dororong Panganganito

Panganganito o pangangagun ang tawag sa panggagamot ng alinmang hindi maipaliwanag na karamdaman na tinatawag na *gunaw* na madalas na idinidikit sa konsepto ng *nabati* (*being greeted*); *nausog* (*being touched*); at ang pinakamabigat ay ang *naanito* (*possession*). Ang mga nabanggit ay mga kaparusahang iginawad sa tao dahil sa pagkagambala nito sa *anitong* hindi nakikita o naninirahan sa iba't ibang anyo sa kapaligiran. Sa wikang Ayta Ambala tinatawag naman na *kagun'* ang mga manggagamot na ito na piniling pagpasahan ng kakayahang makapanggagamot at pinamanahan ng mga sagradong kagamitan sa *pangangagun*. Bukod sa rebulto ng *anito* na hindi pinahihintulutang ipakita sa mga hindi miyembro ng Ayta Ambala, mayroon din silang tinatawag na *u'nu'* o kuwintas na isinusuot ng *kagun* sa tuwing nanggagamot at ang paggamit ng *maw'dyêt'ya'kun'dêman* o pulang telang isinasaklob sa taong may sakit na siyang nagtataboy o nagpapagpag ng masamang elementong pumapasok sa katawan ng isang tao. Dahil sa pagpasok ng mga unat o mga Tagalog sa Sitio, nakikilala na ng mga tagasiyudad ang ritwal sa tuwing nararanasan ang mga hindi maipaliwanag na karamdamang dumapo sa kanila matapos ang pananatili sa mga bahagi ng Sitio. Subalit ang gawaing ito ay makukumpleto lamang at magkakaroon ng bisa sa pamamagitan ng paggamit ng isa pang uri ng panalangin na tinatawag na *Dororong Panganganito*. Makikita sa talahanayan ang naitalang halimbawa at ang salin nito sa wikang Filipino.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<p><i>Alêhên' muy' nay' atê' ya' nag'pahuk' Ha' anak'a atê'. Hay' mag'alêh' kawu'.</i> <i>Hê'talagyu' mu' mag'alêh' ka'.</i> <i>Mag'pakadayu' andê' ya'na' mag'balêk' kaytê ha' anak'.</i></p>	<p>Alisin mo na itong pumasok sa batang ito. Alis! Umalis kayo! Anong pangalan mo? Umalis ka! Magpakalayo at huwag nang bumalik dito sa bata!</p>

Tal. 1. Dororong Panganganito

Masasalamin sa salin ng *Dororong Panganganito* ang masidhing damdaming inilalakip sa pagbigkas ng panalangin ito. Matapos mapasapi sa *kagun* ang espiritu ng *anito* ay sasakluban niya ng pulang tela ang naanito, sasabayan niya ito ng pagbigkas ng *Dororo* na nasa tonong pautos at isinisigaw ng *kagun*. Kasabay ng malakas na pagsigaw sa salitang *Mag'alêh' kawu'!* (Umalis ka!) ay aalisin niya ang tela sa pagkakasaklob sa tao at iwawasiwas o ipapagpag palayo na senyales ng pagtataboy nito sa masamang *anitong* sumanib sa ginagamot. Sa iba pang pag-aaral ang pagkausog ay madalas na hindi dulot ng mga *anito* sa kapaligiran at mas pinaniniwalaang mula sa mga taong nakasalamuha sa paligid. Sa pag-aaral ni Torres (2012), itinuturing ng mga *Aeta therapists* ang hindi magandang asal at mga marahas na reaksyon ng isang tao bilang dulot ng pagtataglay ng masamang *anito*. Ayon sa kanilang paniniwala, ang isang tao na nagpapakita ng ganitong ugali ay hindi alam ang mga nangyayari sa kanyang buhay, kaya't kailangan itong mapagaling. Hindi kinakailangan ang parusa, kundi ang pagpapalayas sa espiritong nag-aalipin sa kanya sa pamamagitan ng panalangin. Ipinagpapalagay nilang ang reaksyong marahas ay maaaring magdulot ng pinsala sa espiritu ng isang tao, kaya't ang pagkakaroon ng pagkakasundo sa kapwa ay mahalaga sa kanilang proseso ng pagpapagaling.

Makikita na rin sa iba pang tradisyon ng mga patel ang pagiging maingat nila sa pagpili ng mga pagkaing inihahanda. Noon pa man ay itinuturing na ng mga katutubo na pista ang pagsasalusalo ng mga katutubo sa gilid ng ilog sa tuwing nakahuhuli ang mga nangangaso ng baboy-ramo. Kakatayin ito ng mga kalalakinan at iluluto ng mga kababaihan matapos ay sabay-sabay na kakainin ng mga katutubo. Hindi rin ito sasamahan ng iba pang lutuin sa takot na maranasan ang *gunaw*. Masama alinsunod sa kanilang paniniwala ang paghahain sa hapag ng mga nagkokontraang pagkain tulad ng laman-gubat at laman-ilog. Kinagagalitan ito ng kalikasan na siyang nagpaparusa sa tao. Halimbawa, maaaring kumain ng iba't ibang uri ng laman-ilog sa isang

pagkakataon gaya ng hipon, palos at biya subalit hindi ito maaaring ihalo pa o isabay sa pagkain ng mga laman-bundok tulad ng kated, barak at *bakulaw* (unggoy).

Itinuturing naman na mababaw na *gunaw* ang pang-aabuso sa mga hayop sa kapaligiran, tulad ng paglapastangan o pangungutya sa kalikasan, hayop, o kapwa-tao. Ang paghinga sa kanilang palad at pagpahid nito mula noo hanggang likod ng ulo—ay isang pangontra sa *gunaw*. Bagaman, walang partikular na pangalan para sa ritwal na ito, ito ay kinikilala bilang isang paraan upang pigilan ang negatibong epekto ng kanilang sinabi o ginawa. Ang ritwal ay tila isang anyo ng paghingi ng paumanhin o pag-aalay ng respeto upang maibalik ang balanse at maiwasan ang masamang mangyayari.

Ang naunang dalawang uri ng *Dororo* ay binibigkas nang malakas, may layuning marinig ng tiyak na miyembro ng komunidad at nilalakipan ng mga orasyon o hakbangin bago maisakatuparan ang pinakalayunin nito. Sa kabilang banda, naiiba naman ang mga *Pansariling Dororo* na binibigkas lamang nang pabulong sa sarili o sa isipan. Hindi katulad sa naunang dalawang uri, walang pinipiling lugar, panahon o tao ang *Pansariling Dororo*. Ito ay mas malaya lalo pa't hindi ito nalilimitahan sa bilang ng salita o pangungusap at sa layunin ng pagsasagawa nito.

Pansariling Dororo

Sa siyam na *Dororong* nakolekta ng mananaliksik, walo rito ang naisakategorya bilang *Pansariling Dororo*. Sinipat ng mananaliksik ang tema ng mga ito batay sa mensaheng lumutang matapos itong maisalin sa Filipino at nakapagtukoy ng apat: (1) *pagtatanim*; (2) *pangangalakal*; (3) *pasasalamat sa biyaya*; at (4) *pag-alala sa mga naglaho*. Mula sa walong naisaling pansariling *Dororo* ng mga Ayta Ambala na masasabing ang mga ito ay kapwa maiikling panalangin na may habang isa hanggang apat na pangungusap lamang at maaaring maglaman ng iba't ibang tema depende sa layunin ng *pagdodororo*.

1. Pagtatanim

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Apu' pangênuun' basbasan' muy' atêng' lutang' pag'gaha'kan' ya' mam' êng' masa'ganang' anê' buy' ma' épalêt' ha' ma' êkan'. Amên'.</i>	Apo Panginoon, basbasan mo itong lupang tataniman na magbigay ng masaganang ani at maipalit sa pagkain. Amen

Tal. 2. *Pansariling Dororo* Tungkol sa Pagtatanim

Makikita mula sa unang panalangin na naitala sa talahanayan ang paggamit ng *Dororo* upang ihiling sa *anito* ang pagkakaroon ng masaganang ani sa tulong ng pagbasbas sa lupang tatamnan na maging malusog at mabunga. Ang panalanging ito ay binibigkas sa tiyak na lugar kung saan isasagawa ang pagtatanim. Masasalamon sa *Dororong* ito ang matibay na paniniwala ng mga Ayta Ambala na anomang itatanim ay magbubunga nang masagana kung hihingin ang basbas ng Panginoon. Ang ganitong espiritwal na aksyon ay nagpapakita ng kanilang ugnayan sa kalikasan at ang kanilang paniniwala sa *reciprocity* o pagbabalik-loob sa kalikasan na siyang magbibigay ng masaganang biyaya. Ito ay tumutugma sa konsepto ng *ecological citizenship* kung saan ang isang tao ay hindi lamang tumatanggap ng biyaya mula sa kalikasan kundi nagbibigay-pugay at humihingi ng paumanhin at pagbasbas para sa anomang gamit o pagkonsumo ng kalikasan (Seño, 2017). Lalo pa itong tumibay sa mahigpit na pagkapit ng mga katutubo sa prinsipyong hindi pagkonsumo ng higit sa kinakailangan (De la Rosa, 2013).

2. Pangangalakal

Mula sa pagtatanim na isa sa pangunahing kinabubuhay ng mga Ayta Ambala, hindi rin mawawala sa tema ng kanilang panalangin ang gawaing-pangangalakal o ang paghahanap ng mga produkto sa kapaligiran na maaaring kainin at maibenta sa baba ng bundok. Bago pa man gawin

ang paglalakad o ang pangangalakal ay ibinubulong ng mga katutubo ang *Dororo* sa kanilang sarili upang maiadya sila sa lahat ng kapahamakan sa daan.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<p><i>Ma'al kung Apung Genu' hakyu' nagdadanê' kamu' na'way' lêng'en muy' kanyang' dalangên'.</i> <i>Agapayanan mu' haku' ha' la'at kung' lakwên' buy' ha' ba'wat pan'lélyaku' yan' ha' baytan' buy' ha' banwa'.</i></p> <p><i>Antabayanan mu' mêt' kamê' ha' la'at. Apung Genu, Salamat' ha' lahat bÿayang' pênag'kalu'ub' mu', kangku' buy' pag-êbêng' biyay'.</i></p> <p><i>Atê dêle ya' kang'kung dalangên' Salamat' Amên'.</i></p>	<p>Mahal kong Panginoon, ako'y lumalapit sa'yo. Pakinggan mo po ang aking dalangin, gabayan mo po ako sa lahat ng aking pupuntahan at sa aking mga lakad papuntang bundok at sa bayan.</p> <p>Gabayan mo rin po kami sa lahat Panginoon. Salamat sa lahat ng biyayang pinagkakaloob mo sa akin saka pagbigay ng buhay.</p> <p>Ito lang po ang aking dalangin, salamat. Amen.</p>
<p><i>Hay' Apu' Pangênuun' hana' maka'akêt' akung' pusu' ha' lakwun' kung' bung-uy' ala' hana' hakung' ma'akêt' awung' utan' ha pa'muswan ku'. Amên'.</i></p>	<p>Panginoon, sana makakita ako ng puso sa pupuntahan kong bundok wala sana akong makitang ahas sa pamumusuhan ko. Amen.</p>

Tal. 3. Pansariling Dororo Tungkol sa Pangangalakal

Masisipat sa bahaging ito, “*Agapayanan mu' haku' ha' la'at kung' lakwên' buy' ha' ba'wat pan'lélyaku' yan' ha' baytan' buy' ha' banwa'.*” (*Gabayan mo po ako sa lahat ng aking pupuntahan at sa aking mga lakad papuntang bundok at sa bayan.*) ang kabuhayang mayroon ang mga Ayta Ambala, ang kanilang pagsuyod sa kabundukan upang maghanap ng kalakal na siyang ibebenta sa bayan.

Kapansin-pansin sa *Dororong* nasa talahanayan na pumapak sa sa pangangalakal ang pahayag na: “*Hay' Apu' Pangênuun' hana' maka'akêt' akung' pusu' ha' lakwun' kung' bung-uy'.*” (Ay! Panginoon, sana makakita ako ng puso sa pupuntahan kong bundok). Ang tinutukoy na *pusu* sa *Dororong* ito ay ang puso ng saging na nagsisilbing pinakamahalagang kalakal na maaaring anihin ng isang Ayta Ambala. Itinuturing itong ginto dahil umano sa madali itong maibenta at higit na mataas ang halaga kumpara sa iba pang maaaning pananim. Naibebenta nila sa bayan ang puso ng saging na kasinlaki ng braso sa halagang dalawampung piso habang limampung piso naman ang kasinlaki ng binti. Sa isang panayam sinabi ng isang Ayta ang kanyang pagtataka kung paanong hindi nauubos ang mga pananim sa bundok gayong araw-araw siyang nangangalakal at dumarami na rin ang mga tinuturing niyang kakumpetensiya sa paghahanap ng mga maibebenta. Itinuturo niyang dahilan sa milagrang ito ang pagkapit niya sa *Dororo*. Bilang karagdagan, sa tuwing hinihiling niya sa Panginoon na makakita ng puso ng saging ay hindi siya nabibigo at laging may naiuwi kahit isang piraso lamang.

Makikita rin sa *Dororo* mula sa talahanayan ang paghiling nito sa Panginoon na ilayo siya sa panganib na dulot ng mga *utan'* (ahas) sa daan. Ipinapahiwatig lamang nito ang katotohanang alam ng mga Ayta Ambala na sa lahat ng pupuntahan at gagawin laging nakasunod ang disgrasya subalit malakas ang paniniwala nila na sa paghingi nila ng proteksiyon at gabay ay pangangalagaan ang kaligtasan nila ng Panginoong hindi nila nakikita.

3. Pasasalamat sa Biyaya

Masasalamin sa talahanayan ang tema ng *Dororo* na pasasalamat sa biyaya na kung titingnan hindi lamang materyal na bagay ang tinutukoy nilang biyaya dahil higit sa lahat itinuturing nilang biyaya ang buhay, kalakasan o kalusugan na nagiging dahilan sa pagkakaroon nila ng kakayahang maglakad at maghanap ng makakalakal.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Nagpapasalamat' haku' Apung Hêsus' ha' pag-agaya mu kangku' ha' allew' allew' buy' ha' maëkan (pagkaen) yan' ha' allew' allew' atê delê' ya' kan' kung' dalangên' Amên'.</i>	Nagpapasalamat ako sa'yo Panginoong Hesus sa paggabay mo sa akin sa araw-araw na may pagkain sa araw-araw. Ito lang po ang aking dalangin. Amen.
<i>Hay salama't' hakayêk' Apu' ya ayê' kamê' al'wa' pêna' ulayan' ha' pang'allêw'allêw' ha' paninikap' awung' ma'ëkan' yan' Amên'.</i>	Salamat sa kaunti Panginoon at kami ay hindi mo pinabayaan sa araw-araw na paghahanap ng pagkain namin. Amen.
<i>Hakuy' nagpapasalama't' kamu' Apung' Gênu' ha' la'at bêya'yang' êpenagkalu'ub mu' kang'ku buy' ha' pal'yayaku' ku' ha' allew' allew' buy' ha' biyay kung ate' ya' malakas' buy' alang' hakêt'. Atê' de'le' ya' kang kung pamalangen." Amên'.</i>	Ako'y nagpapasalamat sa'yo, Panginoon, sa lahat ng biyayang pinagkalob mo saka sa aking paglalakad sa araw-araw at sa buhay kong ito na malakas at walang sakit. Ito lang ang aking dalangin. Amen.

Tal. 4. Pansariling Dororo Tungkol sa Pasasalamat sa Biyaya

Pinasasalamatan nila ang pagkakaroon ng “*hakayêk'*” (kaunti) na maiuugnay sa pagkain sa mesa na bagaman kaunti ay biyaya pa ring maituturing. Mapapansin din ang palagiang paggamit ng salitang “*allêw'allêw'*” (araw-araw) na nagpapahiwatig na hindi natatapos ang pakikipagsapalaran ng tao para mabuhay at sa ganitong paraan din hindi nahihinto ang paglapit ng mga Aytang Ambala sa Panginoon upang hingin ang awa nito. Ipinapakita lamang sa *Pansariling Dororong* ito ang pagtanggap ng tao sa kapayakan ng kanyang pamumuhay at sa paniniwalang ang lahat ng biyaya ay nanggagaling sa Panginoon.

4. Pag-alala sa mga Naglaho

Sa huling bahagi ng talahanayan isinalin ang mga *Pansariling Dororo* na nasa tema ng pag-alala sa mga naglaho. Tinatawag ng mga Aytang Ambala na *naglaho* ang mga miyembro nilang yumao na at inaalala tuwing piyesta ng mga patay. Sa pamamagitan ng pagtutulos ng kandila at paghahanda o pagtitira ng pagkaing inilalagay sa tabi ng kandila kinikilala, pinahahalagahan at iniingatan ng mga nabubuhay pang mga Ayta Ambala ang alaala ng mga naglaho.

Sa Wikang Ambala	Sa Wikang Filipino
<i>Atê' atang' ku' pagdausan' ya' pasênsya' kawuy' na' ta'atêndêlê' ya' na' ehanda' ku' kayu'.</i>	Itong atang ko pagsaluhan niyo pagpasensyahan niyo na at ito lamang ang naihanda ko sa inyo.
<i>Haka'wuy' maw'maagang' ênu'mêsan' êpanalangên' u' kamê' ha' Pangenuun' ya' êdayu' kamê' ha' lêbung' haw' hakêt' buy' lagê' kamê'ng' gabayan'</i>	Kayong mga maagang lumisan, ipanalangin ninyo kami sa Panginoon na ilayo kami sa mga sakit at lagi kaming gabayan.

Tal. 5. Pansariling Dororo Tungkol sa Pag-alala sa mga Naglaho

Masasalamatin sa *Dororo* ang pag-alok ng makakain ng katutubo at ang paghingi nito ng paumanhin sa nakayanang maihanda. Sa pinakahuling *Dororo* naipakita kung paano tinuring ang mga yumao bilang mensahero at katuwang sa pagpapaabot ng panalangin sa Panginoon. Sa mga pag-aaral ang *atang* ay isang halimbawa ng katutubong ritwal na nanatili dahil sa pagsasanib ng katutubong relihiyon at ng Kristiyanismo partikular ang Katolisismo. Ang ritwal ng *atang* ay maaaring maunawaan sa konteksto ng lokal na relihiyon, gamit ang metodolohiyang *Transcendental* ni Bernard Lonergan sa paggawa ng relihiyon. Ayon kay Corpuz (2020), ipinapakita ng *atang* ang pananampalataya ng mga Pilipinong Katoliko sa komunyon ng mga buhay, mga patay, at mga santo. Iminumungkahi na ang *atang* ay hindi dapat ituring

bilang *split-level Christianity* o *syncretism*, dahil ang ritwal ay may malalim na kahulugan at isang mahalagang bahagi ng relihiyon at kultura ng mga Pilipino.

Mababakas sa siyam na *Dororong* nasipat at naisalin sa wikang Filipino ang pagiging tuwid ng mga Ayta Ambala pagdating sa pagbuo ng panalangin. Wala silang sinusundang estruktura sa kung paano bubuoin ang mga pansariling *Dororo* at nakasentro lamang sa kung ano ang layunin ng kanilang pagtawag sa Panginoon. Kapansin-pansin ang paggamit ng pagtutuldik upang maipakita ang diin sa bawat salitang binibigkas. Ito ay indikasyon ng pagyakap ng mga katutubong Ayta Ambala sa kanilang wika at kultura na upang mas maramdaman ang bawat bibigkasin ay nangangailangang lakipan ng diin.

DORORO BILANG TAGPUAN NG DANAS, PANGARAP, AT PANANAMPALATAYA NG KATUTUBONG AYTA AMBALA

Ang *Dororo* ay maituturing na tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng mga katutubong Ayta Ambala sapagkat ito ay nagiging daluyan ng kanilang malalim na ugnayan sa espirituwalidad, kalikasan, at pamayanan. Binubuo ito ng iba't ibang uri ng panalangin, na nagtatampok ng tatlong mahalagang aspekto ng kanilang buhay: Una, ang kanilang danas. Ang *Dororo* ay sumasalamin sa mga karanasan ng Ayta Ambala sa kanilang pang-araw-araw na buhay, mula sa pagtanim, pangangalakal, hanggang sa pagharap sa mga hamon ng kalikasan. Halimbawa, ang *Dororong Panganganito* ay nagpapakita ng kanilang pagsisikap na harapin ang hindi maipaliwanag na karamdaman na konektado sa espirituwal na paniniwala. Ang pagkakaroon ng mga ritwal tulad nito ay hindi lamang bahagi ng kanilang tradisyon kundi isang ekspresyon ng kanilang pakikisalamuha sa mga natural at sobrenatural na elemento sa paligid. Ikalawa, ang kanilang pangarap. Sa kanilang *Pansariling Dororo*, lumulutang ang mga mithiin ng komunidad para sa masaganang ani, proteksyon sa pangangalakal, at kaligtasan mula sa mga panganib ng kalikasan. Ang kanilang panalangin ay malinaw na nagpapahayag ng pag-asa sa isang mas mabuting hinaharap, tulad ng hiling para sa kalusugan, pagkain, at tagumpay sa araw-araw na gawain. Sa ganitong paraan, ang *Dororo* ay nagiging sagisag ng kanilang mga pangarap na umunlad habang pinapanatili ang kanilang tradisyonal na pamumuhay. Ikatlo, ang kanilang pananampalataya. Ang *Dororo* ay nagsisilbing pundasyon ng espirituwal na pananampalataya ng Ayta Ambala. Sa pamamagitan ng panalangin, na kadalasang nakatuon kay Apo Namalyari, na ngayo'y kinikilala rin bilang si Hesus, makikita ang pagsasanib ng tradisyunal na paniniwala at Kristiyanismo. Ang *Dororong Ritwal* ay nagtatampok ng kolektibong pananampalataya ng komunidad, habang ang *Dororo* bilang pasasalamat at pag-alala sa mga yumao ay nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga sa espirituwal na dimensyon ng buhay. Mula sa madalas na panawagan ng mga Ayta Ambala na "*Hay! Apu' Kung Kayêk*" (Ay! Panginoon, maawa ka.), ipinapakita ng mga Ayta na ang mundo ay nababalot ng paghihirap na masasalamin sa paggamit ng ekspresyong *Hay!*, at ang tao sa ibaba ay nagsusumikap upang mapagtagumpayan ang pakikipagsapalaran sa bawat araw habang tinatalikuran ang gawaing masama o mga kasalanan. Kumakapit sila sa habag o awa ng Diyos na siyang dahilan ng pag-iral ng tao. Habang nalalampasan ang mga pagsubok na ito, lalong tumatag ang kanilang pananampalataya.

KONGKLUSYON

Ang *Dororo* ng mga Ayta Ambala sa Sitio Mampuweng ay isang makabuluhang bahagi ng kanilang espirituwal na pamumuhay na sumasalamin sa kanilang karanasan, paniniwala, at kultural na pagkakakilanlan. Nahahati ito sa tatlong pangunahing uri: ang *Dororong Ritwal*, *Dororong Panganganito*, at *Pansariling Dororo*, na may kanya-kanyang natatanging layunin at paraan ng pagsasakatuparan. Ang *Dororong Ritwal* ay isang kolektibong panalangin na pinangungunahan ng isang pinunong tagapanalangin ng komunidad. Tumutok ito sa mga mahalagang okasyon, tulad ng pagdiriwang ng pista o mga seremonyang may kinalaman sa kapaligiran, at nagpapakita ng malalim na koneksyon ng Ayta Ambala sa kanilang anito at kalikasan. Ang ritwal na ito ay itinatanghal sa pamamagitan ng mahabang panalangin na

binibigkas sa indayog na tono ng wika, may kasamang alingawngaw, at tinitiyak ang paggalang mula sa lahat ng saksi. Samantala, ang *Dororong Panganganito* ay may tungkuling magpagaling mula sa mga karamdaman na iniuugnay sa espirituwal na mga sanhi. Ginagawa ito ng *kagun*, isang piniling espirituwal na lider at manggagamot, sa tulong ng sagradong kagamitan tulad ng pulang tela at rebulto ng anito. Ang panalangin sa ganitong uri ay kadalasang mahigpit, may masidhing damdamin, at may layunin na palayasin ang masasamang espiritu na nagdudulot ng karamdaman. Sa kabilang dako, ang *Pansariling Dororo* ay mas personal at malaya sa istruktura. Binibigkas ito ng isang indibidwal upang ipahayag ang kanilang mga pangarap, pasasalamat, o pang-araw-araw na pangangailangan. Apat ang pangunahing temang lumulutang sa *Pansariling Dororo*: (1) panalangin para sa masaganang ani, (2) proteksyon at gabay sa pangangalakal, (3) pasasalamat sa mga biyaya, at (4) pag-alala sa mga pumanaw na mahal sa buhay. Ang mga panalanging ito ay nagpapakita ng pagtitiwala ng mga Ayta Ambala sa kanilang espirituwal na koneksyon at ang pagpapahalaga nila sa kanilang tradisyonal na pamumuhay.

Ang prosesong pagbabakas, pagpopook, at pagbubuo ay naging susi upang maipakita ang *Dororo* bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng Ayta Ambala. Sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon at interpretasyon, nailahad kung paano ang mga panalangin ay sumasalamain sa kanilang malalim na ugnayan sa kalikasan, komunidad, at espirituwalidad. Sa tatlong dimensyong sumasaklaw sa danas, pangarap, at pananampalataya, ipinapakita nito ang malalim na koneksyon ng komunidad sa kanilang espirituwalidad, kalikasan, at lipunang ginagalawan. Bilang tagpuan ng kanilang mga karanasan, ang *Dororo* ay hindi lamang isang paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga hinaing at mithiin, kundi isang aktibong mekanismo ng pakikibagay at paglaban sa mga hamon ng buhay. Sa pamamagitan ng mga ritwal at personal na panalangin, naipapahayag nila ang kanilang pag-asa para sa mas mabuting hinaharap at ang kanilang pananampalatayang nakaugat sa tradisyon ngunit bukas sa pagbabago. Hindi lamang ito daluyan ng dasal at ritwal; ito rin ay tagapag-ingat ng kanilang kasaysayan, tagapagtaguyod ng kanilang kasalukuyan, at patnubay sa kanilang hinaharap bilang isang lipunang kumikilala sa kahalagahan ng tradisyonal na kaalaman, respeto sa kalikasan, at pananampalataya sa Diyos at espiritu.

Sa ganitong konteksto, iminumungkahi ng mananaliksik ang pagsasagawa ng mga programa para sa dokumentasyon at pag-iingat ng kanilang mga ritwal at panalangin, partikular na ang *Dororo*. Kinakailangan ang masusing paglikha ng mga *digital* at pisikal na kartularyo (*archive*) na maglalaman ng mga ritwal, *oral histories*, at espirituwal na mga gawain. Ang hakbang na ito ay maaring isakatuparan sa pakikipagtulungan sa mga unibersidad, organisasyong kultural, at mga lider ng komunidad upang matiyak na ligtas sa pagkalimot ang yaman ng kanilang kultura. Mahalaga rin ang pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon para sa mga kabataang Ayta upang mapalawak ang kanilang kaalaman at pagpapahalaga sa kanilang tradisyon. Dapat bigyang-diin ang papel ng *Dororo* sa kanilang pagkakakilanlan at patuloy na ugnayan sa kultura. Kasabay nito, maaaring pasiglahin ang *intergenerational dialogue* sa pagitan ng matatanda at kabataan upang maging maayos ang pagsasalin ng kaalaman at paniniwala sa mga susunod na henerasyon. Sa aspekto ng pangangalaga sa kapaligiran, kailangang itaguyod ang proteksyon ng mga sagradong likas-yaman tulad ng bundok, ilog, at kagubatan na may espirituwal na kahalagahan para sa mga Ayta Ambala. Ang mga estratehiya tungkol sa konserbasyon ay dapat samahan ng kanilang espirituwal na paniniwala upang lalo pang pagtibayin ang kaugnayan ng kultura at kalikasan. Higit pa rito, kailangang suportahan ang *community-centered research* na pinangungunahan ng mga Ayta mismo. Dapat silang bigyan ng pagsasanay sa etnograpihong dokumentasyon upang magkaroon sila ng sapat na boses sa paglalarawan ng kanilang kultura. Maaari ding maglaan ng mga oportunidad para maipakilala nila ang kanilang mga espirituwal na gawain sa pamamagitan ng mga eksibisyon, pagtatanghal, at selebrasyon ng kanilang pamana. Sa larangan ng polisiya, mahalaga ang pakikipagtulungan sa mga mambabatas upang maisama ang mga espirituwal na praktis ng mga Ayta Ambala sa mga batas at balangkas na naglalayong pangalagaan ang kultural na pamana ng bansa. Dapat ding itulak ang mga batas na magbibigay-proteksyon laban sa komersyal na pananamantala o maling representasyon ng kanilang mga ritwal.

Binubuksan ng pananaliksik na ito ang pagsasagawa ng iba pang pag-aaral na tumutuon sa mga sumusunod na paksa: talakayin ang kakayahan ng mga Ayta Ambala na mapanatili ang kanilang ritwal, tulad ng *Dororo*, bilang patunay ng kanilang katatagan sa harap ng mga impluwensya ng modernisasyon at relihiyong Kristiyanismo. Maipapakita nito ang kanilang kakayahang sumabay sa agos habang pinangangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Ikalawa, bigyang-diin ang malalim na ugnayan ng kanilang espirituwalidad at kalikasan. Ang kanilang paniniwala sa mga anito ay nagtataguyod ng respeto at pangangalaga sa kalikasan, na nagiging mahalaga sa konteksto ng *sustainable development*. Ikatlo, talakayin ang *hybridization* ng kanilang pananampalataya, kung saan pinagsasama ang tradisyunal na espirituwalidad at mga Katolikong tradisyon. Binibigyang-diin nito ang kanilang kakayahang iayon ang kanilang mga paniniwala sa pagbabago habang pinapanatili ang kanilang pagkakakilanlan bilang katutubong komunidad. Ikaapat, ipakita ang mahalagang papel ng *Dororo* sa pagbuo ng pagkakaisa sa komunidad. Bilang ritwal na kolektibo at personal, ito ay nagsisilbing daluyan ng kanilang espirituwal na pagninilay at panlipunang pagkakabuklod. Sa huli, naipakita sa pag-aaral ang katangian ng pamanang kultura at tradisyon bilang tagpuan ng danas, pangarap, at pananampalataya ng mga katutubong at ang pagtuloy na pagtuklas at pag-aaral sa mga ito ay mas lalong tutulong sa pagbuo ng pagkatao at pagkilala sa sarili.

TALASANGGUNIAN

Pangunahing Sanggunian

- Brosius, J. P. (1990). After Duwagan: Deforestation, succession, and adaptation in upland Luzon, Philippines. *Michigan Studies of South and Southeast Asia Number 2*. Center for South and Southeast Asian Studies, University of Michigan Press.
- Demetrio, F. R. (1978). *Myths and symbols: Philippines*. Manila: National Bookstore.
- Dizon, M. (2015). Sumpung: Spirit beliefs, murder, and religious change among eighteenth-century Aeta and Ilongot in Eastern Central Luzon. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 63(1), 3–38.
- Griffin, P. B., & Estioko-Griffin, A. (Eds.). (1985). *The Agta of Northeastern Luzon: Recent studies*. Cebu City, the Philippines: San Carlos Publications.
- Headland, Thomas N. 2003. "Thirty Endangered Languages in the Philippines." *Work Papers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota Session 47* (1). <https://doi.org/10.31356/silwp.vol47.01>.
- Henry, R. L. (1986). *Filipino spirit world: A challenge to the church*. Mandaluyong, Philippines: OMF Literature, Inc.
- Hislop, S. K. (1971). Anitism: A survey of religious beliefs native to the Philippines. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*.
- Mercado, L. (1991). The Filipino image of God. *Philippiniana Sacra*, 26, 401–415.
- Paterno, P. A. (1915). *La antigua civilization Tagalog*. Manila: TIP Linotype del Colegio de St. Thomas.
- Santiago, Carmen at Virgilio G. Enriquez. "Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1982. 155-160.
- Santos, N. F. (2008). Exploring The Filipino Indigenous Religious Concepts of God, Soul, and Death in Relation to the Spirit World. In *Phronesis: A Journal of Asian Theological Seminary* (Vol. 13, Issue 2). www.tyndale.ca
- Shimizu, H. (1989). *Pinatubo Aytas: Continuity and change*. Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press.
- Shimizu, H. (2001). *Orphans of Pinatubo: The Ayta struggle for existence*. Manila: Solidaridad Publishing House.

Pangalawang Sanggunian

- Alipio, R. (1998). Pre-Hispanic Filipino religion according to early Spanish writers. *DIWA*, 23, 4–7.
- Amtalao, J. A., & Demeterio, F. P. I. (2019). Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao. *MALAY*, 31(2), 84–102.
- Asistio, Fevvie & Bueno, David Cababaro. (2019). Language Attitudes of Aeta Teachers in their Local School. 2.
- Bibon, M. (2021). Indigenous Medicinal Plants and Practices in Cagraray Island: Resources for Culture-Based Lessons in Biology. *Journal of Education*.
<https://doi.org/10.1177/0022057420988703>
- Clariza, M. E. (2019). Sacred Texts and Symbols: An Indigenous Filipino Perspective on Reading. *International Journal of Information, Diversity and Inclusion*, 3(2), 80–92.
<https://doi.org/10.33137/ijidi.v3i2.32593>
- Crisol, L. G. D., & Oledan, E. J. J. (2016). The Mananambals and Their Functions in Philippine Culture. *CASS Langkit*, 7, 84–94.
- Corpuz, J. C. G. (2020). Death and Food Offering: The Ilocano “Atang” Ritual from a Contextual Theology. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, 113–126.
- De la Rosa, M. C. (2013). *On potok: Awit-protesta bilang awit-komunidad ng mga Agta sa Quezon* (Undergraduate thesis). University of the Philippines Manila.
- Dizon, M. (2015). Sumpung: Spirit beliefs, murder, and religious change among eighteenth-century Aeta and Ilongot in Eastern Central Luzon. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 63(1), 3-38
- Freyzer, H., & Arao, B. (2022). Cultural Analysis of the Ibanag Prayers: Bases for Development of Localize Instructional Material. *Journal of Tianjin University Science and Technology*, 404–418. <https://doi.org/10.17605/OSF.IO/5A8YB>
- Manzano, D. (2021). Inati (Panay Island, Philippines) - Language Contexts. *Language Documentation and Description* 20, 35-53. Retrieved November 29, 2024, from <http://www.elpublishing.org/PID/225>
- Mojares, R. B. (2017). The Circuits of Translation: The Philippines and the World. *Journal of English Studies & Comparative Literature*, 16, 11–22.
- Jamera, J. K. A., Manting, M. M., & Dapar, M. L. (2020). Ritual plants used by the Manobo tribe of Surigao del Sur, Philippines. *Asian Journal of Ethnobiology*, 3(2), 41–50.
<https://doi.org/10.13057/asianjethnobiol/y030201>
- Labastida, S. C. (n.d.). *Tradisyunal nga pamulong: A rationale on the persistence of faith healing practices in Miagao, Iloilo*. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/303899461>.
- Levina Viray, B. (2015). Tubong/Putong in Marinduque as a Ritual-Dance of Healing, Thanksgiving, and Veneration. *AghamTao*, 24, 105–128.
- Malaya, A., Ragrario, M., Paluga, M. J., Chua, K. J., Delideli, G., & Tranquilan, R. M. (2014). *Panubad-tubad: Spirits and Concepts in the Talaingod Manobo Struggle*.
- Malong, R. T. (2019). Village Institutions and Rituals of the Mamanwas and its Development Implications. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(3).
- Martinez, R. C. K. P. (2019). The health ritual of “Pag-aanito” among the Aetas of Nabuclod, Pampanga, Philippines. *Journal of Health and Caring Sciences*, 1, 41–47.
- Mojares, R. B. (2017). The Circuits of Translation: The Philippines and the World. *Journal of English Studies & Comparative Literature*, 16, 11–22.
- Philippine Council for Health Research and Development. (2009). Ethnopharmacological Study of the Philippine Ethnolinguistic Groups: The Ayta of Tongko, Tayabas, Quezon. In *Philippine Council for Health Research and Development*.
- Rosales, L. S., & Gepty, V. A. (2022). Cultural healing rituals and practices used by Ati traditional healers. *Journal of Humanities and Social Sciences Studies*, 209–213. <https://doi.org/10.32996/jhsss>.
- Seño, R. R. (2017). Insights from Pope Francis Laudato Si Towards Ecological Citizenship for a Better World presented at the 2017 Scholar Summit in Universitas Indonesia. *Academia.Edu – Share Research*.

- https://www.academia.edu/36060231/Insights_from_Pope_Francis_Laudato_Si_Towards_Ecological_Citizenship_for_a_Better_World_presented_at_the_2017_Scholar_Summit_in_Universitas_Indonesia
- Tiatco, A. P. (2012). Imag(In)Ing Saint Lucy: The Narrative and Performative Construction of The Kuraldal in Sasmuan, Philippines. *Philippine Humanities Review*, 14(1), 124–150.
- Torres, R. A. (2012). Aeta women Indigenous healers in the Philippines: Lessons and implications (Doctoral dissertation) *University of Toronto*, Canada
- Vermoortel, M. (2021). *Experiencing Violence in the Philippine Political Context: The Case of Indigenous Peoples and Peasants*[MA Thesis, Wageningen University & Research]. <https://edepot.wur.nl/557334>
- Viray Kriztine R., J. R. B. (2024). Negotiation of Identities: The Case of Aeta Ambala's Media Engagement. *Jurnal Komunikasi: Malaysian Journal of Communication*, 40(1), 513–525. <https://doi.org/10.17576/JKMJC-2024-4001-29>

Online na Sangunian

- Bacabac, J.P.R. (2013). The Writ of the Ilonggo People. Retrived December 1, 2024, from <https://ilonggocooltureirific.wordpress.com/>
- Cruz-Lucero, R., Acuña, A., & Barrios, J. E. (2018). Karay-a. In *Our Islands, Our People: The Histories and Cultures of the Filipino Nation*. Retrieved from <https://ourislandsourpeople.wordpress.com/karay-a/>.
- Grey, E.J. (2015). Cultural Beliefs and Practices of Ethnic Filipinos: An Ethnographic Study. *SDSSU Multidisciplinary Research Journal* 3. Retrieved December 2, 2024, from 6-10-1-SM.pdf
- KWF. (2018). Áyta Ambalá – *KWF Repositoryo*. Komisyon sa Wikang Filipino Repositoryo Ng Mga Wika Ng Pilipinas. Retrieved from <https://kwfwikaatkultura.ph/ayta-ambala/>.
- Manzano, D. (2021). Inati (Panay Island, Philippines) - Language contexts. *Language Documentation and Description*, 20, 35–53. Retrieved from <http://www.elpublishing.org/PID/225>.
- Philippine Statistics Authority (2015). Indigenous peoples. <https://psa.gov.ph/ISSiP/concepts-and-definitions>
- Saydoven, A. (2009). Filipino Traditional Medicine. Retrieved December 2, 2024 from <http://www.scribd.com/doc/22046305/Filipino-Traditional-Medicine-report#scribd>
- Scott, R. (2010, October 2). *Ang Nagpapabagong Kapangyarihan ng Pananampalataya at Pagkatao*. Retrieved March 5, 2023, from <https://www.churchofjesuschrist.org/study/general-conference/2010/10/the-transforming-power-of-faith-and-character?lang=tgl>
- The People of the World Foundation. (2020). The indigenous Aeta people. <http://www.peoplesoftheworld.org/text?people=Aeta>
- United Nations. (2019). Department of Economic and Social Affairs Indigenous Peoples. Retrieved from <https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/mandatedareas1/culture.html>
- Valdeavilla, R. (2018). The Aeta: The First Philippine People. The Culture Trip. Retrieved December 2, 2024, from <https://theculturetrip.com/asia/philippines/articles/the-aeta-the-first-philippine-people/>

Ang May-akda

Si G. Aeron James R. De Leon ay gradwadong mag-aaral mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila sa ilalim ng programang Doktor ng Pilosopiya sa Filipino major sa Panitikan. Naglilingkod siya bilang katuwang na propesor sa Dalubhasaang Columban sa lungsod ng Olongapo, Zambales.